# Mga Estudyanteng English Learner sa Dashboard ng Paaralan sa California

California School DASHBOARD

Toolkit ng 2025 Dashboard

Ipinapakita ng Dashboard ng Paaralan sa California (Dashboard) ang progreso ng mga estudyanteng English Learner (EL) sa lahat ng pagsukat ng estado. Gayunman, nag-iiba ang mga estudyanteng kabilang sa pangkat ng EL depende sa partikular na pagsukat ng estado. Ipinapakita sa graphic sa ibaba kung sinu-sinong estudyante ang kabilang sa pangkat ng EL para sa bawat pagsukat ng estado.

## Mga Estudyanteng Kabilang sa Pangkat ng EL Batay sa Sukat ng Estado

**Akademiko—Sining ng Wikang Ingles, Akademiko—Matematika**
Mga estudyanteng naiulat bilang EL anumang oras sa loob ng taon ng pag-aaral, kabilang ang mga estudyanteng muling nakategorya bilang fluent sa loob ng nakalipas na apat na taon

**Kolehiyo/Trabaho**
Mga estudyanteng naiulat bilang EL anumang oras sa loob ng nakaraang apat o limang taon sa high school

**Progreso ng English Learner**
Mga kumuha ng Buod ng Pagsusuri ng Kakayahan sa Wikang Ingles para sa California (Summative English Language Proficiency Assessments for California, ELPAC) at Summative Alternate ELPAC

**Paulit-ulit na Pagliban**
Mga estudyanteng naiulat bilang EL anumang oras, sa antas ng paaralan o distrito, sa kasalukuyang taon ng pag-aaral

**Antas ng Pagtatapos**
Mga estudyanteng naiulat bilang EL anumang oras sa loob ng nakaraang apat o limang taon sa high school

**Science**
Mga estudyanteng naiulat bilang EL anumang oras sa loob ng taon ng pag-aaral, kabilang ang mga estudyanteng muling nakategorya bilang fluent sa loob ng nakalipas na apat na taon

**Antas ng Suspensyon**
Mga estudyanteng naiulat bilang EL anumang oras, sa antas ng paaralan o distrito, sa kasalukuyang taon ng pag-aaral

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang [webpage ng Dashboard at Sistema ng Suporta ng Paaralan sa California ng Kagawaran ng Edukasyon ng California].

Kontakin ang Dibisyon ng Pag-uulat ng Analysis, Pagsukat, at Pananagutan sa pamamagitan ng email sa dashboard@cde.ca.gov.

Agosto 2025